MAGPA-PASTA NGAYON UPANG MAKAIWAS SA PAGKABULOK

PANGALAGAAN ANG NGIPIN NG INYONG ANAK LABAN SA CAVITIES

smile, CALIFORNIA™
MEDI-CAL HAS DENTAL COVERED

all in HEALTH CARE FOR ALL FAMILIES
A PROJECT OF The Children's Partnership

Ano ang pasta para sa bagang?

Ang pasta para sa bagang ay malinaw o walang kulay na proteksyon na nilalagay sa permanente at pangalawang bagang upang mapanatiling malusog at protektado laban sa cavities.

Kailan kailangan ng anak ko ang pasta para sa bagang?

Mag iskedyul ng appointment para sa inyong anak upang makapag-papasta ng bagang kapag tumubo na ang kanilang mga permanenteng mga ngipin sa likod. Ito ay nangyayari ng kasing aga sa limang taong gulang.

Paano inilalapat ang pang-pasta?

Ang pang-pasta ay ipinipinta sa likod na mga ngipin ng inyong anak. Ito ay mabilis at walang sakit pag inilapat! Ang kabuohang proseso ay tumatagal lamang ng ilang minuto.

Makakain ba kaagad ang aking anak?

Oo, ang iyong anak ay mainam na makaka-kain pagkatapos na mailapat ang pasta.

Ano ang mga benipisyo ng pasta?

Ang mga pangpasta sa bagang ay ligtas at pinoprotektahan ang mga ngipin ng inyong mga anak laban sa mga nakasisira na bakterya, cavities at pagkabulok nito.

Gaano tumatagal ang pasta?

Ang pasta ay tumatagal ng maraming taon! Itanong sa inyong dentista kung kalian muling makakakuha ang inyong anak ng pasta.

Ang pasta ba ay pumalit sa fluoride?

Hindi. Ang pasta at ang fluoride ay parehong kailangan upang proteksyunan ang mga ngipin laban sa cavities at pagkabulok nito.

Ang pasta ba ay sakop ng benepisyong pang-ngipin ng Medi-Cal?

Oo! Sa iyong benepisyong pang-ngipin ng Medi-Cal, pag pasta sa bagang ay sakop para sa mga anak at mga kabataan hanggang edad 21.

Ang mga batang walang pasta ay may halos tatlong beses na mas maraming cavities kaysa doon sa merong pasta.

Batayan: Centers for Disease Control and Prevention. www.cdc.gov/vitalsigns/dental-sealants/index.html

Bisitahin ang **SmileCalifornia.org** upang matukoy ang dentista at makagawa ng appointment para